

TUNGO SA ISANG MAALIWALAS NA BUKAS: HIKAYATIN NATIN ANG MGA KABATAANG BUMALIK SA PAGSASAKA

Madalas sa panahon ng ating kabataan tayo ay nagsisimulang mangarap para sa kinabukasan. Iniisip ang daang tatahakin at matapang ang bawa't aksiyon at kilos. Ngunit sa marami sa kanila, ang planong maging magsasaka, ay hindi kasama sa kanilang mga pangarap. Para sa kanila, ang pagsasaka ay isang mababang uri ng hanapbuhay at walang sapat ang kikitain. Kaya mas naeengayo silang dumayo sa siyudad o mangibang bayan kung saan mas malaki ang oportunidad at magkaroon ng mas malawak na karanasan. Kaya, ano ang ating patutunguhan kung walang mga magsasaka? At ano ang magiging hinaharap natin kung walang pagkain? Kung walangmagsasaka, walang pagkain. Kung walang pagkain, walang buhay!

Sa iyung ito ng ating sulatin, ating pag-uusapan ang dahilan kung bakit ang mga kabataan ay ayaw suungin ang pag-aagrikultura. Ano ang mga hakbang na dapat gawin upang himukin sila sa pagsasaka, at mga rekomendasyon upang manatili dito. Ito ay mga pinagsama at pinagtibay na (a) mga resulta ng konsultasyon sa nasyonal at mga pinag-anib na pananaliksik sa mga miyembro ng AFA sa 9 na bansa na may 660 na kabataan sa kanayunan hinggil sa syung "Himukin ang kabataan sa agrikultura" gamit ang Farmers Advocacy Consultation Tool (FACT) na binuo ng AGRITERRA; (c) pananaliksik at pagsusuri ng literatura. Ginawa ng AFA ang mga konsultasyon habang ipinagdidiwang ang International Year of Family Farming (IYFF), dahil ang isyu sa kabataan sa agrikultura ang isa sa mga prioridad ng IYFF.

SINO ANG KABATAAN?

Ang henerasyon ng mga kabataan ngayon ayon sa United Nations ay ang mga may edad na 15 hangang 24, ito ang may pinakamalaking bilang ayon sa kasaysayan. Mula 2012, ang bilang ng mga kabataan ay umaabot sa 1.5 bilyon o 18% ng kabuuan ng populasyon sa buong mundo. Nobenta porsyento (90%) nito ay naninirahan sa mga developing country, 20% ng kabuuan ng populasyon ng mga bansa.

Ayon sa datos ng US ESCAP (2012) 750 milyon o mahigit sa 60% ng mga kabataan sa buong mundo ay naninirahan sa rehiyon ng Asya-Pasipiko. Noong 2010, nagrehistro ang India ng 234 milyon na kabataan, pinakamataas na bilang sa buong mundo, o 19% ng total populasyon ng kanilang bansa. Ang Tsina ay pangalawa sa pinakamataas na may bilang na 225 milyon, o 17% ng buong populasyon ng bansa. Ang Bangladesh at Pilipinas ay may 20% na kabataan sa kabuuan ng populasyon. At ang bansang Hapon ay may 12 milyon na kabataan o 10% ng kabuuan ng populasyon ng bansa.

Marami sa mga bansa ay may sariling depinisyon ng kabataan, depende sa aspetong socio-kultural, institusyunal, ekonomik at sosyal. Sa bansang Taiwan ang nakatakdang edad ng kabataan ay 12-24 taong gulang; 14-28 sa Kyrgyzstan; 15-25 sa Thailand; 15/16-30 sa Pilipinas, Cambodia/Indonesia, Vietnam; 15-34 sa Mongolia; 15-40 sa Nepal at Myanmar; 18-35 sa Bangladesh; 9-24 sa Timog Korea at 0-30 sa bansang Hapon.

ANG MGA KABATAAN SA KANAYUNAN

70% ng mga kabataan sa Sub-Saharan Africa at Asya ay nakatira sa mga kanayunan, at kalahati nito ay nasa agrikultura.¹

Maraming dekadang nakaligtaan ng mga komunidad ang kabataan, pati na rin ng mga pamahalaan at mga organisasyong internasyonal, kung kaya't hindi nagagamit ang buong potensyal at lakas sa sektor ng agrikultura. Madalas, wala silang hanapbuhay, o hindi sapat o walang bayad. Maliit ang kanilang kakayahan, walang katiyakan at

peligroso ang hanapbuhay. Ang kakulangan ng oportunidad at maayos na hanapbuhay sa kanayunan ang dahilan upang dumayo ang mga kabataan sa siyudad. Ang mga anak ng magsasaka ay atubiling pumasok sa agrikultura dahil sa iba't ibang dahilan. Karamihan sa mga naiwan sa pagsasaka, kadalasan ay napipilitan at walang ibang opsyon o pagpipilian. Dahil dito ay may umusbong na problema: ang pagtanda ng populasyon sa sakahan. Kung ang mga kabataan ang pag-asa ng bayan, at ang kabataang magsasaka ang pag-asa ng agrikultura at industriya ng pagsasaka, paano natin mahihimok ang mga kabataan na mamalagi o magtrabaho sa mga kanayunan? Ano ang mga polisiya at programa na kailangan upang makita nila na may nag-aabang na buti at magdesisyong mamalagi sa agrikultura at sa industriya ng pagsasaka?

BAKIT HINDI KAAKIT-AKIT SA MGA KABATAAN ANG AGRIKULTURA AT PAGSASAKA?

Ayon sa resulta ng konsultasyon sa mga lider kabataan ng mga organisasyon sa ilalim ng AFA at sa pagsusuri ng mga literature, may mga pitong dahilan kung bakit marami sa kabataan, kahit na ang mga anak ng mga mag-asawang magsasaka, kung papipiliin, ay ayaw magsaka.

i) Mababang pagkakilanlan at imahe. Ang pagsasaka ay itinuturing na aba, mahirap, hindi kaakit-akit, marumi at hindi kailangan ng edukasyon. Kadalasan, ang tingin ng lipunan sa magsasaka ay mababa at walang dignidad. "Huwag ka tumulad sa akin, isang magsasaka lamang". "Kung hindi kang mag-aral matutulad ka sa akin, magsasaka lamang". Mahina ka naman sa paaralan, bumalik ka na lang sa bukid at magtanim ng kamote". Mga salita nga magulang sa kanilang mga anak. Ngunit maraming mga batang estudyante ang pangarap maging doctor, enhenyero o abogado, pero bihirang maging magsasaka. Ang mga magsasaka sa mga mahihirap na bansa ay tinuturing na walang pinag-aralan at hindi sibilisado. (Shrestha, 2002:114-115).

ii) **Hindi sapat ang kita sa pagsasaka.** Karamihan sa magsasaka ay mahirap. Hindi sapat ang kanilang kita mula sa pagtanim at hindi kayang tustusan ang pamilya, at kahit pa ang personal na pangangailangan. Nababawasan pa ang kita dahil sa pagtaas ng gastos na pambayad sa tao at gamit, tulad ng binhi, pataba at pestisidyo. Mababang presyo sa bentahan ng produkto, kakulangan sa pagkontrol ng merkado at mataas ang peligro dala ng paiba-ibang panahon at presyo, dahilan upang iwan ng mga kabataan ang agrikultura. Pagsasaka para lang may makain sa araw araw kung kaya't pinahihinaan ng loob sumuong sa agrikultura ang mga kabataan. Wala silang nakikitang magandang kinabukasan sa pagsasaka kundi ang kakarampot na ani na para lang sa konsumo ng pamilya.

iii) **Walang katiyakang pagmamay-ari at pag-taas ng presyo ng lupa.** Simula noong 1990, nabago ang anyo ang pandaigdigang kontesto ng repormang agraryong ikinabit na sa pamilihan kayat nangabili ang maliliit na sakahan at nagging malakihang sakahan (Borras, 2006:99). Sa mga Special Economic Zone at yung mga nasa proseso ng urbanisasyon, itinuturing na ang mga lupa ay malayang binibili at binebenta sa merkado (Kumar, 2011). Dahil dito tumataas ang presyo ng lupa. Walang laya sa pagbalangkas o kalakaran ang mga mabubukid sa naghaharing-uri. Hinihimok ng mga bangko ang pagbenta ng lupa at pagkapaalis ng mga magbubukid. Kasapakat sila upang makontrol ang mga lupa, at piliin kung sino ang pwedeng magbenta, bumili at kumita (Hu, Yeh Wu 2009). Nawawalan ng karapatang magmay-ari ang mga magsasaka; at ang mga bumili ng lupa ay hindi nagtanim. Ang pagkamkam ng lupa mula sa mga magsasaka at ibigay sa mga pribadong pagmamaya-ari lalo na sa kanilang mga kasapakat at negosyante ang dahilan upang lalong mawalan ng gana ang mga kabataan sa pagsasaka (Kumar, 2011). Ang mga kasalakuyang reporma ay nakatutok na gawing

moderno ang agrikultura sa halip na distribusyon ng lupa at seguridad ng magsasaka, kasama ang mga kabataan.

iv) Kakulangan ng impraistrktura sa kanayunan. Ang pundasyon ng agrikultura ay nananatili sa mga kanayunan. Subalit, kulang sa maayos na impraistrktura at mga institusyon upang maengayo ang mga kabataang mamalagi sa kanayunan. Sa mga mahihirap na bansa, karamihan sa kanayunan ay walang maayos na kalsada, elektrisidad, sentro pangkalusugan, klinika at pagamutan, paaralan at unibersidad, lugar o parke na paglilibangan at aliwan, koneksiyon ng internet, komersiyo, palengke upang ibenta ang kanilang produkto at pasilidad para sa malilit at katamtamang antas na agro-industry o pabrika.

v) Kakulangan ng mga polisiya at programa mula sa pamahalaan na nagtataguyod ng pamilyang magsasaka. Priyoridad ang mga malalaking korporasyong pang-agrikultura imbes na ang pamilyang magsasaka ng mga gobyerno sa mahihirap na bansa. Samakatwid, ang mga polisiya at programang pang-agrikultura ay hindi ganap na sumusuporta sa pamilyang magsasaka, sa kabila ng lahat na mas nakakarami ang bilang ng pamilyang magsasaka sa mga bansa at sa buong rehiyon ng Asya. Kaya't hangang ngayon karamihan sa mga pamilyang magsasaka ay walang sariling lupa, kulang ang suporta sa pautang/pananalapi at sa merkado. Ang pormal na sistema ng pautang at ng mga komersiyal na bangko ay sumusuporta sa mga komersyal na pang-agrikultura at sinisira ang ekonomiya ng pamilyang magsasaka, sila ang nagdidikta ng ekonomiya sa merkado ng agrikultura (Harvey, 2003:156-166). Ang presyo ng mga produktong pang-agrikultura ay kontrolado ng merkado, hindi ng magsasaka o ng estado. Walang malinaw na pagtakda ng presyo, kasunduan sa pangangalakal at paggawa ng polisiya (Ahmad et al, 2010:37). Walang kinatawan ang magsasaka, kung kaya't maliit o walang boses sa pagproseso ng mga mahahalagang desisyon tungkol sa agrikultura. Kulang sa mga polisiya at programa upang matugunan ang pangangailangan ng mga kabataan na magsasaka at sa kanayunan; madalang ang suporta para sa pampasimula at insentibo, kung hindi man ay wala. Kung wala ang mga kailangang suporta, ang mga kabataang magsasaka ay hindi kayang makipagkompetisyon sa malalaki at komersiyal na negosyante sa sakahan.

vi) Kulang sa kurikulum sa pag-aaral ng lupa, repormang agraryo at agrikultura. Agrikultura ang pinanggagalingan ng pinakamaraming trabaho sa mga umuunlad na bansa. Subalit hindi kasama sa kurikulum ng mga paaralan at upamatansan ang lupa, agrikultura at reporma sa lupa, na nagreresulta ng kapabayaang, upang madismaya ang mga kabataan na sumuong sa agrikultura.

vii) Kakulangan sa organisasyon ng mga kabataang magsasaka. Sa lokal, nasyonal at internasyonal na antas, kakaunti ang mga organisadong grupo para sa mga kabataang magsasaka upang magkaisa, magpalitan ng impormasyon at ideya, suportahan ang mga adhikain, at katawanin ang kanilang mga interest sa pagdedesiyon.

MGA HAMONG HINAHARAP NG MGA KABATAANG MAGSASAKA.

Ilan sa mga maraming haharaping hamon ng mga kabataan sa pagsasaka ay ang:

i) Kakulangan sa akses at kontrol sa yaman para sa produksiyon (lupa, puhunan) at merkado. Una, walang reporma sa lupa at repormang agraryo para sa mga kabataang magsasaka. Kaya't kadalasan marami sa kanila ay walang lupang pinanghahawakan upang magamit nila sa tradisyonal na pagtatanim (Wobst, 2010). Wala silang lupa, at madalas ay nangangamuhan lamang sa panahon ng pagtatanim. Pangalawa, marami sa mga batang magsasaka ay naghihintay lamang na mapamana sa kanila ang lupa ng kanilang magulang. Maliit ang kanilang boses sa paggawa ng mga

desisyon pagdating sa pagtanim habang nasa poder sila ng kanilang mga magulang. Pangatlo, halos walang bangko o pinansiyal na institusyon ang nais magsilbi sa sector ng agrikultura at kung meron man, hindi malawak ang pang-unawa nila sa pangangailangan ng mga negosyanteng magsasaka. Pang-apat, hindi pa metatag ang merkado ng produkto ng mga kabataangmagsasaka.

ii) Kakulangan sa kakayanan at dunong sa produksiyon, pagpoproseso, at sa sistema ng pagnenegosyo. Ang mga kasalukuyang henerasyon ng kabataang magsasaka ay limitado ang kaalaman sa agrikultura, sa pamumuno at kakayahan sa pangangasiwa. Paghasa ng kakayahan at kaalaman, pagsalin ng teknolohiya ay itinuturing na susi upang maging modelong magsasaka ang kabataan,subalit hindi ito kasama sa mga programa ng pamahalaan at hindi saklaw sa mga paaralan. Nais ng mga kabataan ng bagong teknolohiya, ngunit maraming institusyon ang hindi pumapansin sa kanilang mga nais. Samakatuwid, dahil kulang sa suporta at pagtataguyod sa kaalaman at kakayahan lalo na sa teknolohiya at makabagong pamamaraan ng pagtatanim, wala sila nakikitang kinabukasan sa agrikultura (Wobst, 2010).

iii) Globalisasyon, kawalang katiyakan at paiba-ibang presyo ng produkto. Ilan sa mga bansa ng Asya, dahil sa mababang taripa o malayang kalakalan na sistema para sa produktong agrikultura, hindi kayang makipagkompetisyon ng mga batang magsasaka. Dahilan upang iwan nila ang bukid. Pabago bagong presyo ay isa ring dahilan. Dahil sa mababa o walang taripa sa mga dayuhang produkto, nagigging mas mataas pa ang presyo ng lokal na produkto. Pinipili ng mga mamimili ang mura kesa sa mahal na produktong local. Dahil sa free trade Agreement (FTA) ilang sa mga maliliit ay dumanas ng pagkawala na kita, dahilan upang iwan ng mga kabataan ang agrikulutra.

MGA PAUNANG HAKBANG UPANG HIMUKIN ANG KABATAAN SA PAGSASAKA

1. Pagpapalakas ng kapasidad at pagpapapayabong ng pamumuno. Sa mga nakaraang limang taon, bilang tugon sa pandaigdigang krisis sa pagkain, ang mga miyemro at partner ng AFA, CSOs, pamahalaan at ang mga ahensiy ng UN ay nagpasimula ng capacity building sa mga magsasaka at sa mga organisasyon ng magsasaka na nakapokus sa mga kabataan sa kanayunan ng iba't ibang bansa. Nagsagawa din ng mga programa upang magpalitan ng mga nalalaman at ideya ang mga magsasaka.

Box 1 Mga magsasakang hapon

Sa bansang Hapon, anim na bago at batang magsasaka ng organikong panananim ay may kabuuang kita sa mahigit kumulang 8,860 Yen noong 2013, lumaki ng 207%. Iniugnay nila nila ang kanilang tagumpay sa sapat na suporta – kakayahan, lupa, pabahay at merkado – na binigay sa kanila ng mga magsasakang -tagapagturo. Nakamit nila ang kanilang husay sa agrikultura sa pamamagitan ng: pagsanay mula sa kapuwa at nakakatandang magsasaka, mga magsasaka sa karatig na rehiyon, dagdag na tulong ng pamahalaan, paglahok sa mga kurso ng pagsasanay, pagbasa ng mga aklat at sa internet. Nagsarili sila at nakatindig sa sariling paa sa maikling panahon. Kinalaunan sila ay nagbibigay na rin ng pagsasanay sa mga baguhang magsasaka. Napalakas din nila ang kooperasyon at mas naging organisado sa tulong ng tatlong grupo ng organikong pagsasaka. Nakuha nila ang kanilang mamimili o customer sa tatlong paraan: rekomendasyon(rekomenda ng mga nakakatandang

magsasaka, mga grupo ng embarkador at kaibigan), sariling paghahanap, at sa internet.

Box 2: Bagong Programang Pangmagsasaka, Tainan City, Taiwan
May 268 (na hindi lalampas sa edad ng 45) na kabataan (14% kababaihan) ang kasalukuyang kasapi sa programa. Ang pamahalaan ay nagbibigay ng teknikal at pinansiyal na suporta sa mga kabataang magsasaka. Sa teknikal na aspeto sinusupportahan nila sa pamamagitan ng mga eksperto, pagsasanay sa mga baguhan, kurso sa agrikultura at pagpayo. Ang mga guro at dalubhasa na nagtuturo ng agrikultura ay ikinalat sa mga asosasyon ng magbubukid sa bawat distrito. Ang suportang pinansiyal ay mangagaling sa mga pautang ng pamahalaan na may mababang interest upang makabili ng mga pasilidad, panustos at kagamitan. Ilan sa mga batang magsasaka ay nagging milyonaryo at nagtagumpay sa kompetisyon tulad ng organic na bigas at organic na cherry tomato.

2. Debate sa pamilyang pagsasaka. Ang pagdagsa ng mga kompanyang multinasyunal, pang-aagaw ng lupa at malaking korporasyong pang agrikultura ay naging daan upang magkaroon ng debate sa pamilyang magsasaka at sa ekonomiya ng bukirin. Ipinagdiwang ng UN ang International Year of Family Farming (IYFF) noong 2014 na sinuportahan ng FOs, CSOs at ang mga ahensiya ng pamahalaan. Dahil dito, nasimulan ang debate at ang pagsisikap na impluwensiyahan ang mga polisiya hinggil sa pamilyang pagsasaka, likas-kayang agrikultura, sistema ng agro-ekoholikang pagtatanim at ang mga puwersa sa merkado. Ang pagpokus sa pamilyang magsasaka ay nagbigay daan upang bigyan ng ispesyal na atensiyon ang mga kabataan ng agrikultura.

3. Ang pagpalakas tungo sa likas-kayang pag unlad, agro-ekoholikang at organic na pagsasaka. Naguumpisa na ang mga taong kumunsumo ng mga organik na pagkain tungo sa malusog na pamumuhay. Kaya't tumaas ang bilang ng mga magsasaka ng organik na produkto. Ang positibo at magandang aspeto ng senaryong ito ay, karamihan sa mga kabataang magsasaka ay aktibo sa promosyon ng organik na pagsasaka at mas umigting ang interest nila dito. Para sa kanila ang pagsasakang organiko ay nagbibigay kahulugan sa kanilang hanapbuhay, mas maraming oportunidad sa pagbabago at matuto sa sinauna at bagong pamamaraan ng pagtatanim. Ilang pamahalaan na ng ibang bansa ang nagbibigay suporta upang mapaunlad ang matagalan, agro-ekoholikang at organik na pagsasaka, kung kaya't maraming kabataan ang nahikayat sa pagsasaka. Sa Timog Asya ang mga migranteng galing Gulpo ay nagumpisa nang magsaka at karamihan ay itinataguyod ang organik na pagsasaka.

Box 3: Ana Sibayan

Si Ana, 24 taong gulang, anak ng mag-asawang magsasaka, mula Oriental Mindoro, sa Pilipinas. Nagtapos siya ng kurso sa pagluluto, ngunit mahal niya ang lupa at pagtatanim, at nais niyang magkaroon ng sariling bukid at mamahala ng sariling negosyong pang-agrikultura. Siya ay nagsanay sa Integrated, Diversified Organic Farming System (IDOFS), na binibigay ng PAKISAMA, isang nasyonal na organisasyon para sa magsasaka sa Pilipinas. Matapos ang kanyang pagsasanay sa IDOFS noong 2014, kinumbinse niya ang kanyang mga magulang na gawin ang kanilang 2,500 sq.m. na bukid na sakahin sa paraan ng IDOFS. Nagpatayo siya ng abono mula sa

bulate, palaisdaan, hardin para sa gulay at nag-alaga ng pinagalang manok. Pinakinabangan niya ang bawat espasyo ng lupa ng kanilang pamilya. Ibinabahagi rin niya ang IDOFS sa iba pang kabataang magsasaka sa kanyang mga karatig bahay at sa iba pang magsasaka. Siya ay pinagkalooban at kinilala bilang isa sa mga modelong magsasaka ng Pilipinas noong ipinagdiwang ang IYFF.

4. Pagtayo ng Samahanag-Magsasaka. (FOs.) Ang CSOs pati na ang mga ahensiya ng UN ay pinadadali ang proseso ng pagbuo ng FOs, pinakilos upang magsulong ng mga bagong polisiya sa pagsasaka. Ang mga organisasyon ng magsasaka ay nag-umpisa nang bumuo ng yunit para sa kabataan. May mga debate at diskusyon ukol sa karapatan at kilos ng mga magsasaka.

Box 4: Samahanag kabataan sa Mongolia

Karamihan sa mga NGO sa Mongolia ay nakikipagkoordinang sa mga isyu ng kabataan, tulad ng Mongolian Youth federaton (MYF), pinakamalaking NGO sa Mongolia. Ang adhikain nila ay para sa pagsulong ng kabataan at proteksiyon ng karapatan. Ang Mongolian Young Herders Comttee ay itinayo noong 2012 upang maprotektahan ang mga kabataang pastol. Ito'y nag-organisa ng konsultasyong pambansa para sa mga kabataang pastol sa buong 21 na probinsiya ng Mongolia. Ang komite ay gumawa ng pagsusuri at pagtatanong sa nasyonal na antas tungkol sa mga kabataang pastol. Ang Young Cooperators Club ay itinatag noong 2010 at tagumpay na nag-organisa ng First Meeting of Cooperative Young Leadership in Agriculture noong 2013.

Box 5: Komiteng Pangkabataan sa Cambodia

Sa Cambodia, ang Farmers and Nature net (FNN) ay nagtayo ng komite ng kabataan na kumakatawan sa lupon. Ang mga batang magsasaka ay hinuhubog upang maging lider at maging negosyante sa larangan ng agrikultura sa pamamagitan ng paglantad sa bukid at epektibong gawi tulad ng pagtayo ng palaisdaan, pagtanim ng organic na bigas, paggamit ng multipurpose na pagsasaka, pag-aalaga ng hayop, at paggamit ng dumi upang maging biogas.

5. Pagtaguyod ng kababaihan sa pagsasaka. Habang dumadami ang mga lalaking dumadayo sa siyudad at ibang bansa, ang mga kababaihan ang nagtataguyod ng kanilang bukid, at may mga debate tungkol sa karapatan at paggamit ng lupa ng mga kababaihan. Ang mga kakabaihang magsasaka ay aktibong itinataguyod ang kanilang mga karapatan. Sa ibang bansa, kasama ang Nepal, ang mga kababaihang magsasaka ay binuo na.

6. Adbokasiya mula sa mga pagsasaliksik. Tagapag-taguyod batay sa ebidensiya para sa komprehensibong polisiya ng pamilyang magsasaka. Ang mga organisasyong magbubukid sa mga bansang Indonesia, Pilipinas, Nepal, at India ay nag-oorganisa ng mga sunod sunod na debate at diskusyon tungkol sa komprehensibong polisiya ng lupa at reporma pang-agraryo, kasama ang pag-ari ng lupa, daan para sa mga produkto, pag-abot ng mga tungkulin sa pangangasiwa at pag-implementa sap pag-gamit ng lupa

ng mga magsasaka.. Ang mga FOs at CSOs ay aktibo sa mga aktibates na ito. Ang mga magsasaka ay kumikilos upang itaguyod ang pagpalit ng polisiya sa lupa at reporma sa agrarya sa ngalan ng mga kabataang magsasaka. Karamihan sa mga FOs, CSOs at ahensiya ng Un sa bansang Nepal, Mongolia, Cambodia, Pilipinas Indonesia, Bangladesh at Vietnam ay nagsasagawa ng pananaliksik at dokumentaryo ng mga kaso sa pagtaguyod sa mga kabataang magsasaka. Ginagamit nila ang mga resulta ng ginawang pananaliksik upang maimpluwensiyahan ang kanilang pamahalaan at tag-gawa ng polisiya. Unti-unti, ang INGOs at ang mga organisasyong sakop nito ay kumikilos upang suportahan ang kabataang magsasaka at mamuhunan sa agrikultura.

Box 6: Mga kabataang-magsasaka sa Korea

May pag-asa sa sector agrikultura. Yan ang paniwala ng Korean Advanced Farmers' federation (KAFF) at ng Women Advanced Farmers' federation (WAFF), sa kabila ng maraming problema ditto. Bilang tugon sa pangangamkam ng lupa ng pribadong sector, nilimitahan ng gobyerno ang pagmamay-ari ng lupa sa mga taong 5 taon nang nagsasaka nito. Upang harapin ang mga magsasakang naapektuhan nang masama ng mga kasunduan sa Malayang Kalakalan (FTAs), naglabas ng patakaran ang gobyerno na ang sinumang kumikita sa mga FTAs ay magambag ng pondo na gagamitin upang ibalik sa agrikultura ang mga kinikita nito. Kamakailan lamang, nagkasundo ang gobyerno at ang mga magsasaka na anumang lugi ng mga magsasaka dahil sa mga kasunduang ito ay babayaran ng gobyerno. Malinaw na tinatanggap ng gobyerno na responsibilidad nila na mabuhay at umunlad ang mga magsasakang koreano. Naghain din ng mga panukalang patakaran ang KAFF na : (1) magtitiyak na may hahaliling henerasyon ng mga magsasakang pampamilya sa pammamagitan ng binhing-pondo, suporta sa teknolohikal at pang edukasyon pangangailangan; (3) pagbabawas sa interes mula 3% sa 1% para sa mga pautang sa mga kabataang magsasaka; (4) hikayatin ang partisipasyon ng mga kabataang magsasaka sa mga Gawain ng KAFF, at (5) palaganapin at paunlarin pa ang responsibilidad ng mga kabataang magsasaka sa pamamagitan ng pagsasanay sa kanila lalo na sa pamumuno.

ANO ANG PWEDENG GAWIN NG MGA PAMAHALAAN UPANG HIKAYATIN ANG MGA KABATAAN SA AGRIKULTURA

Based on our interviews and observations with the rural youth, our reflection is that the youth can be attracted to agriculture if: (1) agriculture will earn enough for them to raise a family, (2) they are provided basic resources such as land, capital, training, farm equipment and market and (3) they can see meaning and significance in their agriculture work.

Batay sa mga interbyu at pagmamasid sa mga kabataan sa kanayunan, maari pa ring mahikayat ang mga kabataan sa pagsasaka kung:

- (1) Kung kikita sila ditto upang disentang matustusan ang kanilang mga pamilya; (2) sila'y nakakatanggap ng ayuda sa usapin ng pagmamay-ari ng lupa, capital, pagsasanay, mga gamit-sa pagsasaka at sa pagbebenta ng kanilang ani. At (3) nakikita nila ang kahulugan at kabuluhan ng Gawain sa pagsasaka.

If taken, the following recommendations or action points will allow young farmers to help propel their respective countries to become self-reliant on food, and contribute to sustainable and inclusive growth. These recommendations have also been inspired by the successful initiatives mentioned above.

Kung pakikilingan ang mga ito, ang mga sumusunod ang mga rekomendasyon na magtitiyak upang ang mga kabataan ay makakatulong na maging malaya sa pagkain, at abutin ang pag-unlad para sa nakakarami ang kani-kanilang bansa. Hinalaw ito sa inspirasyong bunga ng mga tagumpay na nabaggit sa unahan.

1. Hayaan silang magmay-ari, o mangupahan ng lupain sa mahabang panahon (25 taon ang pinaka maigsi). Kung walang katiyakan sa pagmamay-ari ng lupa, hindi mahihikayat ang mga kabataan sa pagsasaka.

2. Tiyaking nakakatanggap sila ng suporta sa lahat ng aspeto ng pagsasaka- mula akses sa kapital, pagsasanay sa iba't ibang aspeto ng pagsasaka at pamumuno, pautang, teknolohiya at iba pa. Kailangang isama ang agrikultura bilang isang propesyon sa mga kurikulum. Maaari din silang hubuhgin bilang mga negosyante sa kanayunan sa naka-pokus sa produksyon habang pinangangalagaan ang kapaligiran, at ang pagtatayo ng mga kooperatiba- dahil ito ang magbibigay ng mas malalim na kahulugan at pagpapanday ng pangarap sa kabukiran. Kilalanin ang mga tagumpay ng kabataang magsasaka at wag kalimutang itaguyod at paunlarin ang potensyal ng mga kababaihan sa kanayunan na madalas naiisantabi at di napapahalagahan.

3. Tiyakin ang kanilang karapatan sa pag-oorganisa at partisipasyon sa pagpapanday ng mga bagong patakaran. Kailangang maramdaman nilang kanila ang pagpapasiya at sa mga programang isasagawa at ipapatupad. Palahukin din sila sa mga palitan ng karanasan, at pagdalaw sa kani-kanilang mga sakahan upang mas tumining ang mga palitan ng kaalaman at karanasan.

4. Paunlarin pa ang mga imprastruktura sa kanayunan- at proteksyon at serbisyyong panlipunang para sa mga kabataan sa kanayunan.

5. Sa Asya-Pasipiko ang nasa pamilyang sakahan, ang mga pinakamahihirap at gutom na tao sa buong mundo. Mahihikayat lamang natin ang mga kabataan sa pagsasaka kung aangat ang kanilang kita at makakapamuhay sa mga ligtas- sa- sakunang komunidad. Mangyayari lamang ito kung may suporta sa mga pampamilyang-sakahan tulad ng mga progresibong patakaran at polisiya sa kaunlaran sa kanayunan at repormang agraryo. Kailangan pa itong dagdagan ng suporta sa pagbebenta ng ani, at pangangalakal, at mga makabagong pamamaraan sa pagsasaka at pangangalaga ng kalikasan.

ANO PA ANG MAAARING GAWIN NG AFA UPANG MAITAGUYOD ANG PAGSASAKA SA MGA KABATAAN?

- 1. Pagsusulong ng mga bagong patakaran at polisiya.** Maraming magsasaka sa asya ang nag-aalala sa mga patakarang laban sa kanila. Kayang tipunin ng AFA ang mga pangrehiyong pananaw ng mga magsasaka hinggil sa mga patakarang neo-liberal, papel ng WTO, pagbabago sa klima, malayang kalakalan, pang-aagaw ng lupain, karapatan ng mga kabataan sa agrikultura, panlipunang seguridad, at iba pa. Maaari ring isulong ng AFA sa UN at sa mga mga bilateral na kasunduan ang mga maka-magsasakang patakaran sa mga isyung nabanggit.
- 2. Tuloy ang pagpapalawak at pagpapalakas ng mga alyansa ng mga samahan sa pagsasaka.** Politikal na usapin ang isyu ng lupa at iba pang may kinalaman sa agrikultura. Tanging ang kilos-pulitika ng mga samahang magsasaka sa antas pambansa at pangrehiyon, at pangdaigdig ang sagot dito. Kaya rin ng AFA na pabilisin at padaluyin ang mga pagbibigkis na ito.
- 3. Palitan ng karanasan at kaalaman ng mga kabataang-magsasaka.**

Nakapagpaunlad na ng mga modelo sa agrikultura ang ilang mga kasaping samahan ng AFA. Ang palitan ng karanasan, kaalaman at patuloy nap ag-aaral sa mga bagong teknolohiya at patakaraan, at ang paghikayat sa mga kabataan sa pagsasaka ay kayang gawin at padaluyin ng AFA.

4. **Balikatan ng mga samahan at institusyon sa pagsasaka.** Mahirap magtagumpay at panatilihin ang pagsasakang pampamilya at ang aktibong paglahok ng mga kabataan sa agrikultura nang walang tulong pinansiyal at teknikal. Itataguyod at padadaluyin ng AFA ang mga kooperasyon at pagtutulungan ng matatagal nanag samahan at institutsyon sa pagsasaka sa rehyon at sa mga bansa rito.
5. **Pagsasaliksik at paglilimbag.** Hindi maaaring walang patuloy na pagsasaliksik at paglilimbag lalo na sa mga isyu ng pagsasakang pampamilya, kabataang magsasaka at iba pa. At dapat itong magbunga ng patuloy na usapan at pakikipagtalastasan sa mga pamahlaaan at mga nagpopondong institusyon. . Kayang magsagawa ng direktaing pagsasaliksik ang AFA sa antas rehiyon, at umayuda sa mga pambansang samahan, samantalang manguna sa pagpapadaloy ng tuluy tuloy na usapan sa pagitan ng mga pamahalaan at nagpopondong institusyon at mga samahang pang agrikultura.

KONGKLUSYON

Tinatayang mga 60 porsiyento ng kabataan ng daigdig o 750M ang nasa rehyong asya-pasipiko. Mga 525M ditto ang nasa mga laalwigan ng kontinente. Mahigit sa kalahati nito ang nasa agrikultura. Subalit marami sa kanila ang nagnanais makipagsapalaran sa lungsod at mangibang-bayan. Ang mga ananatili ay walang nakikitang mas maaliwalas na buhay. Sa kanilang obserbasyon- walang kita sa agrikultura, mababa ngunit peligroso ang trabaho, at walang ayuda sa mga pamahalaan at iba pang institusyong panlipunan. Hindi mali ang kaNILANG OBSERBASYON.

Ngunit magiging kaaya- ayang opsyon sa kabataan ang agrikultura kung:

1. Kikita sila na disenteng makakasuporta sa pamilya;
2. May akses sila sa lupa, kapital, gamit-pangtanim at suporta sa pagbebenta; at
3. Magiging makabuluhan at may-kahulugan ang pagsasaka para sa kanila;

To harness the potentials and energy of the youth for agriculture, a comprehensive and integrated policy and program on agrarian reform, rural development, sustainable, agro-ecological production and farmer-managed agro-based enterprises as well as on markets and trade should be put in place, with special incentives and provisions for young farmers, especially women.

Upang bigkisin ang potensyal at enerhiya ng kabataan sa agrikultura, isang komprehensibo at kumpletong patakaran at programa sa repormang agraryo, kaunlaran sakanayunan, iba't bang produksyon at pagnenegsyo sa kanayunang nangangalaga sa kapaligiran, at mga negosyo sa kanayunang pnamamahalaan ng mga magsaska at palengke at palitan ang dapat na maipatupad, na may ispesyal na pagtuon sa mga pangangailangan ng kabataang magsasaka lalo na sa kababaihan.

Ang kabataan ang ating kinabukasan. At ang kabataan sa agrikultura ang kinabukasan ng agrikultura at industriya sa kanayunan. Kailangan na tayong kumilos ngayon, kung nais nating may magsasakang magpapakain sa atin sa hinahanarap.

MGA PINAGHALAWAN

AFA (2014 a). *Attracting Youth to Agriculture in Asia: Context and Prospects*. A Regional Scoping Paper Prepared by the Asian Farmers' Association for Sustainable Rural Development (AFA). December 2014.

AFA (2014 b). *Proceedings of the 6th AFA GA and Regional Consultations: "Seizing the Momentum to tget Concrete Gains for Small Scale Farmers this IYFF."* May 6-8, 2014. Hotel Santika, Bali, Indonesia.

AFA 2014 c). *AFA Young Farmers' Regional Forum and Workshop.:Building the Development Agenda of Asian Young Farmers*. 25-26 November2014. Brentwood Suites, Quezon City, Philippines.

Ahmad, QaziKholiquzzaman et. Al. (2010). *Learning from Reforms in Agrarian Structures and Prospects of Cooperation in Agriculture in South Asia*. Economic Integration in South Asia, Issues and Pathways. Delhi: Imagine New South Asia.

Araghi, F. A.(1995). *Global Depesantization 1945-1990*. USA: The sociological Quarterly, Vol. 36, No. 2 (Spring 1995). Retrieved from http://www.polsci.chula.ac.th/jakkrit/anthro/Rural_Sociology_files/Global%20Depeasantization,.pdf pp.337-368. Accessed on 20 October 2012.

Borras, S.M. (2006). *The underlying assumptions: Theory and practice of neo-liberal policie.*, Retrieved from <http://www.foodfirst.org/files/bookstore/pdf/promisedland/5.pdf> and accessed on 7th January 2014.

Harvey, D. (2003). *The New Imperialism*. London: Oxford University, University Press.

Hu, J., Yeh, A., Wu, F.(2009). *Land commodification: New land development and politics in China since late 1990s*. International Journal of Urban and Regional Research, Volume 33. 4 December 2009, 890-913. Retrieved from from http://www.grm.cuhk.edu.hk/eng/research/RAE2011/XuJiang/2_IJURR_2009.pdfand accessed on 14 January 2014.

IFAD (2011). *Feeding future generations: Young rural people today – prosperous, productive farmers tomorrow*. Proceedings of the Governing Council High-Level Panel and Side Events.

IIED (2012). *Small-scale farming and youth in an era of rapid rural change*. Retrieved from <http://pubs.iied.org/pdfs/14617IIED.pdf> and accessed on 7th of April 2015.

Kumar, A. (2011). *Land in the neo-liberal times: A commodity or social good*. Institute of Town Planning, India Journal 8-208, April -June 2011, Retrieved from http://itpi.org.in/files/apr2_11.pdf and accessed on 17th January 2014.

Peters, David J. (2002). *Revisiting the Goldschmidt Hypothesis: The Effect of Economic Structure on Socioeconomic Conditions in the Rural Midwest*. Missouri Department of Economic Development, Technical Paper. P-0702-1, (Jefferson City: Missouri Department of Economic Development, 2002).

Shrestha, N. (2001). *The Political Economy of Land, Landlessness and Migration in Nepal*. Nepal: Nirala Publications.

United Nations Foundation (2011). *Largest youth generation in history at crossroads*. 25 February 2011. Retrieved from <http://www.unfoundation.org/news-and-media/press-releases/2011/largest-youth-generation-in-history-at-crossroads.html?referrer=https://> and accessed on 17 January 2015.

Wobst, P. (2010). *Promoting Employment and Entrepreneurship for Rural Youth: The Case of the Farmer Field and Life Schools (JFFLS)*. 19th CTA Brussels Rural Development Briefing - 16 June 2010.

CREDITS

WITER: Jagat Basnet

PEER REVIEW BY: Mary Racelis

EDITORS: Maria Josefa Petilla, Ma. Estrella Penunia, Marciano Virola, Jr.

LAYOUT: Bebs Pavia, Art Angel Printshop

PHOTOS: AFA Photobank

Published by AFA

With support from agriterra

Volume 7, Number 1, June 2015